# Pagbabahagi ng mga Pamantayan

Ni Hilary Watkins Lemon



Hi! Ako si Isaac.

Nakatira ako sa Geneva, Switzerland. Paglaki ko, gusto kong maging isang paleontologist o beterinaryo. Mahilig akong tumakbo at makipaglaro sa aso kong si Happy.







Kami lang ng kapatid kong lalaki at babae ang mga miyembro ng Simbahan sa aming paaralan. Marami kaming mababait na kaibigan, pero ang ilan sa kanila ay iba sa amin ang mga pamantayan. Nagpasiya na ako na laging panindigan ang aking pinaniniwalaan, kahit hindi ito ang popular na gawin.

**"HINDI" SA TSAA**

*Ang iced tea ay napakapopular sa Switzerland. Sa birthday party ko, humingi ng isang basong iced tea ang isa sa mga kaibigan ko. Sabi ko wala kaming iced tea. Tinanong niya ako kung bakit. Ipinaliwanag ko nang maayos na hindi umiinom ng tsaa ang pamilya ko.*

MGA LARAWANG KUHA NI FRANK HELMRICH

**PAGLILINGKOD SA AKING KAPATID**

*Ang kapatid kong si Mayla ay may cerebral palsy. Gumagamit siya ng wheelchair at kung minsan ay kailangang tulungan sa pag-upo o pagpunta sa paligid ng bahay. Gusto ko siyang tulungan. Paglabas ng paaralan inihahatid namin siya ng kapatid kong si Samuel sa labas ng paaralan para maiuwi siya ni itay.*



**ISANG MATAPANG NA MISSIONARY**

*Hindi takot magsalita ang kapatid ko tungkol sa pinaniniwalaan niya. Nagpaplano na si Mayla sa binyag niya at gusto niyang anyayahan ang kanyang mga kaibigan!*



**MABUBUTING SALITA**

*Hinihiling ko sa mga kaibigan ko na huwag magsalita ng masama kapag naroon ako, pero ginagawa pa rin iyon ng ilan. Hinamon ako ng Isang batang lalaki na sambitin ang isang masamang salita. Sabi ko, "Hindi, hindi ko ito sasambitin." Nagulat siya, pero ayaw na niya akong makasama ulit.*

**ISANG MABAIT NA KAIBIGAN**

*Ang kapatid kong si Samuel ay isang mabuting halimbawa. Minsan pumasok sa paaralan ang bagong lipat na si Max. Nagsasalita siya ng Korean at English, pero hindi French. Ipinadama ni Samuel kay Max na tanggap siya at tinulungan siyang matuto ng French. Ngayo'y magkasama na silang maglaro paglabas ng paaralan, at minsan ay sumama si Max sa amin sa isang aktibidad ng Simbahan.*



## MGA TIP NI ISAAC SA PANININDIGAN

Sundin ang mga magulang mo at ang Tagapagligtas.

Pumunta sa mga aktibidad sa simbahan.

Magsimba tuwing Linggo at makibahagi sa sakramento.

Igalang ang iba. ■